UP Diliman COVID-19 Task Force

Ulat sa Komunidad: Bakunahan sa Diliman

26 April 2021–5 July 2021

covid19.taskforce@upd.edu.ph

https://sites.google.com/up.edu.ph/bakunahansadiliman

Ulat sa Komunidad: Bakunahan sa Diliman, 26 April 2021-5 July 2021

UP Diliman COVID-19 Task Force

Sa mga Miyembro ng Komunidad ng UP Diliman

Nitong 26 Abril 2021, sinimulan ng UP Diliman COVID-19 Task Force ang Bakunahan sa Diliman. Ang inisyatibang ito ay sa pakikipagtulungan sa Quezon City LGU at isinasagawa sa UP College of Human Kinetics Gym.

May dalawang layunin ang bakunahan: ang una ay ang mabakunahan ang mga kawani at manggagawa sa loob ng UP Diliman at pangalawa ay makatulong sa Quezon City na mabakunahan ang mga residente sa mga barangay nito. Sa unang pakikipag-usap sa Quezon City LGU, maglalaan sila ng bakuna para sa 5000 katao mula sa UP Diliman o 10,000 doses base sa dalawang doses bawat mangagawa o kawani. Hiwalay sa bilang na ito ang bakuna para sa mga taga-barangay at volunteers ng bakunahan. Ang UP Diliman naman ang magpapatakbo ng bakunahan, at maglalaan ng mga tao at kagamitan para dito.

Prioritization Scheme

Tulad ng ginagawa sa lahat ng LGU, ang UP Diliman ay sumusunod din sa isang prioritization scheme. Sa unang round ng bakunahan, ang mga ito ang naging priority.

A1: Health workers/frontliners

A2: Senior citizens/elderly

A3: May mga comorbidities o medikal na kondisyon tulad ng hypertension, heart disease, at iba pa.

Kasama sa mga kategoryang ito ang lahat ng kawani at manggagawa may tenure, regular, non-UP contractual, agency hired, contract of service, job orders, project-based. Kabilang dito ang mga guro (kasama ang mga Professors Emeriti); kawani at REPS; mga bagong retiradong guro, kawani at REPS (retirado noong 2019–2020)); custodial workers at security guards. Sakop dito ang mga kawani ng UP Diliman at UP Sytem.

Para sa sumunod na round ng bakunahan, isinama ang mga kategoryang nasa ibaba. Ito rin ang batayan sa mga susunod na bakunahan. Ngunit ipinaalala na ang pagbibigay ng bakuna sa mga ito ay nakadepende sa supply na matatanggap.

A4: Essential workers mula sa economic sector. Dahil binibilang na isang pangunahing sektor ang sektor ng edukasyon, ang lahat ng guro at kawani ng UP Dilimanat UP System ay itinuturing na nasa kategoryang A4.

A2/A3: Dependents ng mga guro at kawani na senior citizens at may mga medikal na kondisyon. Kasama dito ang mga magulang, asawa, anak, pati na ang mga kasambahay at caregivers. Kailangang ang mga ito residente ng mga barangay sa loob ng 3-km radius ng UP Diliman.

A2/A3: Mga manggagawa at kawani na senior citizen o may medikal na kondisyon mula sa mga ahensya o organisasyon sa loob ng kampus. Kasama dito ang mga samahang kaugnay sa UP, mga commercial establishments, simbahan, mga manininda at jeepney drivers.

Paraan Para Mabakunahan: UP Diliman Community & Quezon City Residents

Dalawang klase ng komunidad ang binabakunahan sa CHK Gym vaccination site. Ang una ay ang komunidad ng UP Diliman. Ang pangalawa ay ang mga residente ng iba't ibang barangay sa QC. May mga nakatalagang iskedyul para sa bawat isa at hangga't maaari ay hindi pinagsasabay ang mga ito sa isang araw.

Sa kasalukuyan, ang mga barangay ng District 3 at 4 ay nabakunahan na sa CHK Gym sa pamamagitan ng assisted booking. Ilan sa kabilang dito ay ang Brgy UP Campus, Krus na Ligas, San Vicente, Botocan, Old Capitol Site, Malaya, Teachers Village, UP Village, Old Balara, Pansol, Loyola Heights, White Plains at Blue Ridge. Nitong Hulyo naman, nagbakuna na rin ng mga nagpatala sa EZConsult. Ito ay mga residente sa kalakhang Quezon City.

Dahil sa pagkakaroon ng dalawang klase ng bakunahan sa CHK Gym, may dalawang paraan din para mabakunahan ang mga myembro ng UP komunidad. Una na ay sa pamamagitan ng opisyal na listahan ng UP Diliman. Pangalawa ay kung may natirang slots sa araw na binabakunahan ang mga barangay ng QC at bibigyan tayo ng ilang slots. Ngunit ito ay malalaman lamang bandang hapon na at tsaka lamang makapagtatawag ng mga kawani at pati na rin iba pang myembro ng komunidad ng UP Diliman.

Hindi sistematiko ang pangalawang paraan at ito ay swertehan lamang. Ang mga nabakunahan na mga kawani o manggagawa sa ganitong paraan ay hindi nabibilang sa opisyal na datos ng UP Diliman dahil sila ay nabibilang sa datos ng mga barangay ng QC.

Coverage

Mula Abril 26 hanggang Hulyo 5, ang kabuuang bilang ng nabakunahan sa UP CHK Gym ay nasa 6,626 katao na. Kasama dito ang mga sumusunod: mga manggagawa/kawani ng UP (total 2772; 1234 dito ay fully vaccinated); residente ng mga barangay (total 3593, kasama dito ang EZConsult); at mga volunteers (total 261; 132 dito ay fully vaccinated) (*Para sa detalye, basahin ang Table 1 sa pahinta 12*). Sa kabuuan, 8446 doses na ang naibigay natin (*Para sa detalye, magtungo sa Table 3 sa pahina 14*).

Mula Abril hanggang Hunyo, ang mga binakunahan ay nasa mga kategoryang A1 (Health workers/frontliners), A2 (seniors) at A3 (may mga comorbidities o medikal na kondisyon). Sa mga unang linggo, binigyang prayoridad ang mga kawani mula sa mga essential offices ng UP Diliman. Ito ang mga opisinang kailangang bukas at tuloy ang operasyon at pumapasok ang mga kawani kahit ECQ.

Sa pagpasok ng Hulyo, nagsimula nang tumanggap ng A4 (essential workers) sa mga babakunahan.

Sa ngayon ay hindi pa opisyal na binubukas ang pagbabakuna sa mga dependents at iba pang myembro ng ating komunidad. Kailangang tapusin muna ang lahat ng A1, A2, A3 at A4 mula sa hanay ng mga guro, kawani at manggagawa bago buksan ang listahan ng mga dependents.

Vaccines

Tatlong klase ng bakuna ang naibigay na sa ating bakunahan: Sinovac, Astra Zeneca at Sputnik V/Gamaleya. Sa kabuuan, mas tuluy-tuloy ang supply ng Sinovac kumpara sa ibang bakuna at mas marami sa ating komunidad ang nabigyan nito. Bagamat nagbakuna tayo ng Astra Zeneca, ang nakatanggap lamang nito ay mga taga-barangay.

Para sa storage ng mga bakuna, katuwang dito ang Institute of Biology, Marine Science Institute, National Institute of Geological Sciences, National Institute of Molecular Biology and Biotechnology at Philippine Genome Center na may laboratory grade refrigerators (2-8 degrees Celsius para sa Sinovac) at freezer (-20 degrees Celsius para sa Sputnik V/Gamaleya).

Nitong huling bahagi ng Hunyo, nailapit sa atin ng QC LGU ang Pfizer ngunit hindi nagawang tanggapin ito dahil sa hindi handa ang bakunahan sa hinihingi nitong requirements. Bagama't handa tayo sa equipment para dito (ultra low freezer na -80 degrees Celsius), ang bilang ng vaccinees na kaya nating tapusin sa isang araw nang panahon na iyon ay nasa 650 lamang. Samantala, ang isang tray ng Pfizer ay naglalaman ng 1175 vials na kailangang matapos sa isang araw. Para sa bilang ng mga nakatanggap ng iba't ibang klase ng bakuna, basahin ang Table 2 (*pahina 13*).

Capacity

Mula sa kapasidad na 100-250 vaccinees kada araw noong Abril, unti-unti nating naitaas ito sa 650 vaccinees kada araw nitong Hunyo. Sa pagpasok ng Hulyo, naingat pa muli ang kapasidad na ito sa 1000–1200 vaccinees kada araw. Para magawa ito, kinailangang i-streamline ang mga hakbang na dadaanan ng mga vaccinees, tanggalin ang mga umuulit na mga proseso, magdagdag ng mga volunteers, magdagdag din ng bilang kada time slot, at pahabain ang iskedyul ng buong araw. Nangangahulugan din na ang transaksyon sa bawat station ay hindi lalampas ng 2-3 minuto at ang buong prosesong dadaanan ng bawat vaccinee ay hindi hihigit sa isang oras (hindi kasama ang 15–30 minuto sa post-vaccination monitoring).

Ang mga pagbabagong ito ay paghahanda na rin sa pagkakataong idulog muli sa atin ng QC ang Pfizer at kung itataas man ang target para sa lahat ng bakuna.

Volunteers

Katuwang natin sa pagpapatakbo ng bakunahan ang mga medical at community volunteers. Sa mahigit na isang libong nagpatala bilang volunteer, lagpas 300 dito ang kasalukuyang kasama sa listahan ng ating active pool. Karamihan dito ay mga kawani, alumni, guro, at estudyante ng UP Diliman, ibang CUs at UP System. May ilan din na mula sa ibang unibersidad o hindi affiliated sa UP.

Sa mga ito, 261 ang ating binakunahan. Marami sa mga medical volunteers ay nabakunahan na bago pa man sila nag-volunteer.

Ginagampanan ng mga volunteers ang mga gawain sa helpdesk, health education, registration, vital signs/screening, vaccination, monitoring, pagma-marshall at security.

Mahalaga rin ang papel nila sa patuloy na pagpapahusay ng daloy at proseso sa bakunahan. Sa pamamagitan ng mga orientation at de-briefing sessions, nakakapagbigay ang volunteers ng mga mungkahi para mas mapabuti ang ating serbisyo. Epektibo ang mekanismong ito dahil maraming innovation o modifications sa loob ng bakunahan ang galing mismo sa mga volunteers. Halimbawa dito ay ang mga mungkahi tungkol sa floor plan, koordinasyon ng mga stations at forms. Ang ating web-based app na ginagamit sa pag-iiskedyul ng mga vaccinees ay dinebelop ng isa nating IT volunteer. Ilan din sa ating mga volunteers ay tumutulong na ngayon sa pagmomonitor ng gawain ng ibang volunteers.

Data Management

Kritikal sa pagpapatakbo ng bakunahan ang pagkokolekta, paghawak at paggamit ng datos sa epektibong paraan. Para kumuha ng datos, nagpatala tayo sa lahat ng kawani at manggagawa ng UP Diliman at UP System mula Marso hanggang Abril. Ito ang basehan ng ating master list ng babakunahan. Para sa mga late registrants, nagpatala muli tayo nitong Mayo hanggang Hulyo. Kasama sa mga late registrants ang mga dependents at ibang myembro ng komunidad ng UP Diliman.

Ang mga datos mula sa online registration ang basehan ng prayoridad at iskedyul ng babakunahan. Kung ang kawani o manggagawa ay hindi nagpatala, hindi siya mabibigyan ng iskedyul ng pagbabakuna. Sa pagkakataong hindi nakapagpatala ang kawani at nagpaabot sa COVID-19 Task Force na nais nitong magpabakuna, siya ay tinutulungang magrehistro para maisama sa listahan at pila. Para sa mas mabilis at maginhawang proseso, ang lahat ng ito ay online. Ang lahat ng babakunahan ay nakakatanggap ng email at text ng kanilang iskedyul na humihingi ng kanilang kumpirmasyon.

Sa araw ng bakuna, may mga kinokolektang dagdag na datos mula sa mga binakunahan at ang mga ito ay papasok din sa ating data system. May dinebelop na data management system ang IT team ng bakunahan na kayang kolektahin ang lahat ng datos at mabilis na nakapagpapalabas ng report. *Real time* nating namo-monitor ang bilang ng nababakunahan sa buong araw at ito nakatala sa isang TV monitor. Ang kabuuang report (tinatawag na VIMS-VAS) ang syang isinusumite sa Quezon City at Department of Health (DOH) sa katapusan ng araw.

Mga Isyung Kinaharap at mga Tanong Mula sa Komunidad

1. Bagamat't marami-rami na rin ang bilang ng nabakunahan, ang inaasahan nating matatapos ang pagbabakuna sa 5000 kawani at manggagawa sa loob ng dalawang buwan ay hindi nangyari. Ito ay dahil sa kakulangan ng bakuna. Maraming beses na ang hinihintay nating bakuna ay hindi dumating sa takdang araw. Maging ang Quezon City LGU ay umaasa sa supply mula sa national government. Samantala, ang bakunang binili ng lungsod na makakatulong sanang pandagdag sa supply ay hindi pa dumarating.

2. Nitong Mayo ay nagpadala kami ng email sa mga kawani na nagsasabing maghanda nang mabakunahan. Marami sa pinadalhan ng email ay nagtatanong dahil hanggang ngayon ay hindi pa sila nabigyan ng iskedyul. Humihingi kami ng paumanhin sa pangyayaring ito.

   Nang ipinadala namin ang email, inaaasahan natin ang pagdating ng 4000 doses sa isang delivery. Nang hindi dumating ang supply, hindi kami agad nagpadala ng update dahil sa ilang linggo kaming nag-aantabay noon. Nitong Hunyo lamang nalinaw na hindi kakayanin ng QC LGU ang delivery nito. Ito ay dahil sa anumang supply ay kailangang hatiin ng QC sa napakarami nitong barangay.

Kaya't pautay-utay ang distribusyon ng bakuna. Ang pinakamalaking delivery sa atin ng bakuna ay 1000 doses at minsan lang ito nangyari. Ang kadalasan ay nasa 500 lamang.

3. May mga nagtatanong kung bakit may mga kawaning nauna sa mga kawaning nasa priority groups at pinayagang mag-walk-in.

Nais naming linawin na kung ang iskedyul ng bakunahan ay para sa mga kawani ng UP Diliman, dito ay walang tinatanggap na walk-in. Ang lahat ng proseso ay batay sa online schedule. Minsan lang nangyari na pinayagan ang walk-in at ito naganap noong Sabado, Hunyo 12, ang unang araw ng pagbibigay ng Sputnik sa mga kawani. May naka-iskedyul na 650 ng araw na ito ngunit alas 10 n.u. ay lagpas 50 pa lang ang pumapasok. Kinailangan magbukas sa walk-in dahil nailabas na sa freezer ang 250 Sputnik V ampoules. Hindi ito maaaring ibalik sa freezer lalo na kung ito'y nagsimula nang matunaw at kailangang maiturok sa loob ng dalawang oras.

Dahil sa maraming no-shows, maliban sa mga kawani at guro, ibinukas na rin namin ito sa mga dependents at maging sa mga empleyado ng mga bangko sa loob ng kampus. Ito ay para lamang sa araw na iyon.

Kung ang iskedyul naman ng bakunahan ay para sa mga barangay ng QC o EZConsult at may natira sa kanilang slots, nabibigyan tayo ng ilang bakuna dahil dito. Pinakamaliit ay 20 slots at pinakamataas ay 60 slots. Tulad nang nabanggit sa itaas, nalalaman lamang kung may sobrang slots bago matapos ang araw at mabilisan ang pagtatawag ng mga tao na pupuno sa mga slots. Sa pagkakataong ito, nakakapasok ang mga kawani na wala pang iskedyul sa UP at maging dependents ng mga kawani at volunteers hangga't sila ay nasa priority groups ng QC. Marami sa aming isinasama dito ay mga custodial workers at security guards.

Dahil hindi ito sistematikong paraan, ang napapasama dito ay yung kayang dumating sa bakunahan nang mabilisan. Muli, tinitiyak namin na ang mga slots na ito ay hindi kinukuha sa allotment ng UP Diliman.

4. Isang kinaharap na hamon ng bakunahan ay kung paano gawing *reliable* ang ating masterlist ng babakunahan. Sa unang banda, habang dumadaan ang araw, ang bilang ng no-shows ay tumataas. Sa kabilang banda naman, patuloy kaming nakakatanggap ng mga email mula sa mga kawani at opisina na nagsasabing hindi pa sila nababakunahan.

   Ano ang nangyayari sa sitwasyong ito? Dalawang dahilan ang aming nakikita. Ang una ay marami na marahil sa ating mga kawani ang nakapagpabakuna na sa kanilang mga LGU. Sila rin malamang ang mga kawaning gusto talagang magpabakuna at nagpatala sa UP Diliman sa simula pa lang. Ang pangalawa naman ay marahil marami tayong kawani ang hindi nagpatala noon dahil ayaw magpabakuna at ngayon ay handa na.

   Isang paraan para mapuno ang slots kung maraming hindi nagkumpirma ng kanilang pagpapababakuna ay direkta naming kinokontak ang mga yunit at opisina para humingi ng listahan ng mga empleyado (faculty, REPS, kawani) custodial workers at security guards na gustong magpabakuna. Sa pagkakataong ito, sila ay naisasama namin sa iskedyul.

   Kasalukuyang tinatapos at nililinis ang masterlist ng babakunahan. Pinag-iisipan din ang pagbubukas ng bagong registration para sa mga hindi nakapagpatala noon.

5. Kamakailan ay naglabas ng advisory ang Quezon City LGU at national government na maaantala ang delivery ng pangalawang dose ng Sputnik V/Gamaleya. Nilinaw naman ng National Task Force on Covid-19 na hindi mawawalan ng bisa ang unang dose kahit mahuli ang pagbibigay ng pangalawang dose. Naabisuhan na ang mga vaccinees tungkol dito at naglabas din tayo ng advisory. Mga 2650 tao ang apektado at 1050 dito ay mula sa hanay ng mga kawani at volunteers ng UP Diliman.

Pagwawakas

Kung kayo ay may mga katanungan, mungkahi o feedback, bukas ang UPD COVID-19 Task Force sa mga ito. Mangyaring ipaabot ito sa email address: covid19.taskforce@upd.edu.ph.

Hinihikayat din namin ang ating mga kawani, guro, mag-aaral at alumni na mag-volunteer sa ating Bakunahan. Ang lahat ng volunteers ay mababakunahan bilang kanilang proteksyon. Bibigyan din ng certificate ang bawat volunteer bilang dokumentasyon ng kanilang paglilingkod sa Bakunahan. Kung kayo ay interesado, maaaring mag-sign up sa: bit.ly/ivolunteer4up.

Para naman sa mga advisory at impormasyon ukol sa Bakunahan sa Diliman, magtungo sa alinman sa mga sumusunod:

Bakunahan site: https://sites.google.com/up.edu.ph/bakunahansadiliman

UP Diliman website: https://upd.edu.ph/

UP Diliman FB page: https://web.facebook.com/OfficialUPDiliman

UPD Office of the Vice-Chancellor for Community Affairs: https:/web.facebook.com/ovcca

Maraming salamat.

BAKUNAHAN SA UP DILIMAN
UP CHK-QC Vaccination Site
Abril 26 - Hulyo 05, 2021

TABLE 1 - Bilang ng Nabakunahan sa UP CHK Gym Vaccination Site Batay sa Kanilang Kategorya

	Fully Vaccinated				Total	Missed the 2nd Dose				Total	Awaiting 2nd Dose				Total	Grand Total
	A1	A2	A3	A4		A1	A2	A3	A4		A1	A2	A3	A4		
UP Vaccination	1	328	905		1,234		6	11		17	2	78	615	826	1,521	2,772
2021-4-28		81			81											81
2021-4-29		80			80		1			1						81
2021-4-30		92	18		110		1			1						111
2021-5-03		12	119		131											131
2021-5-04		5	182		187			2		2						189
2021-5-05		13	136		149		1	1		2						151
2021-5-12			2		2											2
2021-5-14		32	27		59		1			1						60
2021-5-28	1	1	182		184			2		2						186
2021-5-31			169		169		1	4		5						174
2021-6-02		12	70		82		1	2		3						85
2021-6-11											1		7		8	8
2021-6-12												75	521		596	596
2021-6-19											1		70	199	270	270
2021-7-05												3	17	627	647	647
Barangay Vaccination	10	383	61		454		4	1		5	70	372	1,360		1,802	2,261
2021-5-14												176	3		179	179
2021-5-21	10	383	61		454		4	1		5						459
2021-6-14											11	84	430		525	525
2021-6-15											31	59	433		523	523
2021-6-16											28	53	494		575	575
EZ Consult											31	73	323	905	1,332	1,332
2021-7-01											16	38	174	444	672	672
2021-7-02											15	35	149	461	660	660
Volunteer Vaccination		4	128		132			1		1		1	74	53	128	261
2021-4-26		4	67		71			1		1						72
2021-4-28			1		1											1
2021-5-12			58		58											58
2021-5-14			1		1											1
2021-5-28			1		1											1
2021-6-11													72		72	72
2021-6-12												1			1	1
2021-6-19													1	14	15	15
2021-7-05													1	39	40	40
Grand Total	11	715	1,094		1,820		10	13		23	103	524	2,372	1,784	4,783	6,626

BAKUNAHAN SA UP DILIMAN
UP CHK-QC Vaccination Site
Abril 26 - Hulyo 05, 2021

TABLE 2 - Bilang ng Nabakunahan sa UP CHK Gym Vaccination Site Batay sa Bakunang Natanggap

	Fully Vaccinated			Total	Missed the 2nd Dose			Total	Awaiting 2nd Dose			Total	Grand Total
	Sinovac	AztraZeneca	Gamaleya		Sinovac	AztraZeneca	Gamaleya		Sinovac	AztraZeneca	Gamaleya		
UP Vaccination	1,234			1,234	17			17	622		899	1,521	2,772
2021-4-28	81			81									81
2021-4-29	80			80	1			1					81
2021-4-30	110			110	1			1					111
2021-5-03	131			131									131
2021-5-04	187			187	2			2					189
2021-5-05	149			149	2			2					151
2021-5-12	2			2									2
2021-5-14	59			59	1			1					60
2021-5-28	184			184	2			2					186
2021-5-31	169			169	5			5					174
2021-6-02	82			82	3			3					85
2021-6-11											8	8	8
2021-6-12											596	596	596
2021-6-19											270	270	270
2021-7-05									622		25	647	647
Barangay Vaccination	454			454	5			5		179	1,623	1,802	2,261
2021-5-14										179		179	179
2021-5-21	454			454	5			5					459
2021-6-14											525	525	525
2021-6-15											523	523	523
2021-6-16											575	575	575
EZ Consult									1,332			1,332	1,332
2021-7-01									672			672	672
2021-7-02									660			660	660
Volunteer Vaccination	132			132	1			1			128	128	261
2021-4-26	71			71	1			1					72
2021-4-28	1			1									1
2021-5-12	58			58									58
2021-5-14	1			1									1
2021-5-28	1			1									1
2021-6-11											72	72	72
2021-6-12											1	1	1
2021-6-19											15	15	15
2021-7-05											40	40	40
Grand Total	1,820			1,820	23			23	1,954	179	2,650	4,783	6,626

BAKUNAHAN SA UP DILIMAN
UP CHK-QC Vaccination Site
Abril 26 - Hulyo 05, 2021

TABLE 3 - Kabuuang Bilang ng mga Nabakunahan Batay sa Bakunang Natanggap at Dose

	First Dose			Total	Second Dose			Total	Grand Total
	Sinovac	Gamaleya	AztraZeneca		Sinovac	Gamaleya	AztraZeneca		
2021-4-26	72			72					72
2021-4-28	82			82					82
2021-4-29	81			81					81
2021-4-30	111			111					111
2021-5-03	131			131					131
2021-5-04	189			189					189
2021-5-05	151			151					151
2021-5-12	60			60					60
2021-5-14	61		179	240					240
2021-5-21	459			459					459
2021-5-26					147			147	147
2021-5-28	187			187	190			190	377
2021-5-31	174			174	135			135	309
2021-6-02	85			85	330			330	415
2021-6-04					1			1	1
2021-6-11		80		80	118			118	198
2021-6-12		597		597	2			2	599
2021-6-14		525		525					525
2021-6-15		523		523					523
2021-6-16		575		575					575
2021-6-18					458			458	458
2021-6-19		285		285					285
2021-6-30					438			438	438
2021-7-01	672			672	1			1	673
2021-7-02	660			660					660
2021-7-05	622	65		687					687
Grand Total	3,797	2,650	179	6,626	1,820			1,820	8,446